

Upang maiwasan ang delikadong pagsakay sa bisikleta

Mga sistema ng pagsakay sa bisikleta



ay nagsimula noong (Ika-1 ng Hunyo, 2015)

Ang **delikadong** pagsakay sa bisikleta **ng higit sa dalawang beses sa loob ng tatlong taon**, ay dapat na dumalo sa **pagsasanay ng pagsakay sa bisikleta!**

● Ang oras ng pagsasanay: 3 oras ● Bayad sa pagsasanay: 6,000 yen


50,000 yen ang ipapataw kung kayo ay lalabag sa mga itinurong sistema sa pagsakay ng bisikleta ✖ Ang sino mang hindi sumunod sa batas na ito ay mag babayad ng penalty.

Mga taong dapat mag-aral ng tungkol sa pagsakay sa bisikleta ①~⑭

Pansinin ang mga marka o sign, signal at mga palatandaan!


① Hindi pagpansin sa traffic light

Kailangang himinto kapag ang traffic light ay kulay pula.



② Saradong kalsada (Lokasyon) trapiko

Ang mga palatandaan sa kalsada na ipinagbabawal ang pagdaaan ng bisikleta ay dapat ay sundin.




③ Ang pagpasok sa mag-sasaradong riles ng tren ay ipinagbabawal ang pagtawid

Kapag tumunog at nag-sarado na ang riles ng tren ay hindi na dapat tumawid.




④ Paglabag sa pansamantalang paghinto

Huminto kung saan may nakalagay na "Stop sign" kailangang tumingin sa kaliwa at kanan para tiyakin ang kaligtasan sa pagtawid.




Bawal ang delikadong pagmamaneho sa pedestrian !

5 Sidewalk at daanan sa gawing kanang bahagi ng mga sasakyan



Di dapat magpatakbo ng bisikleta sa bangketa, kapag ang "kalsada" ay nahahati sa daanan ng tao at sasakyan. Sa karagdagan, hindi dapat dumaan sa kanang bahagi ng daan ng mga sasakyan.

6 Pagkagambala sa mga tao sa Pedestrian o tabing daan



Bawal ang gambalain ang mga tao sa "tabing daan o pedestrian".

7 Pangangambala sa sidewalk o pedestrian



Kung ang bisikleta ay maaaring dumaan sa nilalakadan ng tao ay patakbuhan ng dahan-dahan at kung ito ay makakagambala sa mga dumadaan ay dapat huminto at padaanin muna ang mga naglalakad.

8 Pangangambala sa pedestrian o sidewalk ng mga naglalakad



Sa "pedestrian road o sidewalk" na maaaring tumakbo ang bisikleta ay hindi dapat mangambala sa daanan ng mga tao.

Bawal ang delikadong pagmamaneho ng bisikleta sa intersection !

9 Pangangambala ng sasakyang galing sa kaliwa / Pangangambala ng sasakyan sa malalaking kalsada, atbp



Kapag papasok sa mga intersection na walang traffic light, ang mga sasakyang galing sa kaliwa at mga sasakyang nasa malawak na kalsada ay hindi dapat gambalain.

10 Paggambala ng trapiko sa kakanang sasakyan na paderetso at kakaliwang sasakyan



Bawal gambalain ang mga sasakyang kakanan na paderetso, pati na rin ang mga sasakyang kakaliwa.

11 Bawal gambalain ang mga sasakyan sa Rotonda intersection

Kapag papasok ng rotonda ay magpatakbo ng dahan-dahan, huwag gambalain ang mga sasakyang dumadaan ng rotoda intersection.

Bawal magmaneho ng bisikleta ng nasa delikadong kondisyon !

12 Pagmamaneho ng lasing



Bawal sumakay ng bisikleta ng nakainom ng alak.

13 Pagmamaneho ng bisikleta na walang preno



Bawal sumakay ng bisikleta na walang preno.

14 Paglabag sa ligtas na pagmamaneho

Bawal sumakay ng bisikleta kapag hindi matibay ang hawakan o handle at hindi maganda ang kondisyon ng preno, hindi kinukumpirma ang kaligtasan kung makakapinsala sa iba.

※ Ang Pagsakay ng bisikleta habang may hawak na payong, gumagamit ng smart phone at naaksidente ay maaaring labag sa "kaligtasan sa pagmamaneho".

